January 12, 2010

Mga Magulang/Tagapangalaga ng mga Estudyante sa Kindergarten:

Nalulugod akong ibalita sa inyo na ang inyong paaralan ay napili para sa unang bahagi o phase 1 ng Early Learning Program (full-day Junior and Senior Kindergarten) simula sa September 2010.

Nagagalak kami para sa bagong programang oportunidad na ito para sa aming mga estudyante. Alam naming marami pang dapat gawin tungkol sa pagpaplano at paghahanda para sa implementasyon ng baong inisyatibang ito sa ating paaralan. Nakahanda kami na harapin ang mga kinakailangan upang matagumpay na maipalaganap ang programang ito sa September 2010. Patuloy namin kayong bibigyan ng impormasyon sa proseso ng pagpaplano.

Ang inyong anak ay tuturuan ng magkapartner na isang elementary teacher at isang Early Childhood Educator. Ang Kurikulum sa Kindergarten curriculum, *"In God's Image"* ay pag-iibayuhin at palalawakin upang mabigyan ang inyong anak ng mas makabuluhang oportunidad para sa pag-unlad at progreso sa larangan ng akademik, ispiritwal at emosyonal.

Alalahanin na ang pagpasok sa programang ito ay bukas sa lahat ng mga estudyante na nakatira sa nakatatag nang "catchment area" o bondari ng paaralan. Ang mga karagdagang aplikante ay bibigyan ng konsiderasyon kung may natitirang espasyo.

Ang Early Learning Program ay may kasama ring oportunidad para makinabang sa extended day (before- and after-school). Ang bahagi ng extended day ay ibibigay batay sa cost-recovery basis o bayad batay sa serbisyo sa mga pamilya na interesado. Para matulungan kami sa pagpaplano, pahahalagahan namin ang pagkumpleto ninyo ng nakalakip na surbey.

Darating pa ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa extended day program mula sa Ministri ng Edukasyon.

Magsasali kami ng regular na balita sa ating school newsletter. Ang website ng Board ay patuloy na nagbibigay ng impormasyon para sa mga pamilya na nagnanais ng mga ulat tungkol sa Early Learning Program, pati na rin sa kahit ano'ng programa at serbisyo na ibinibigay ng Board. Palagiang bisitahin ang www.tcdsb.org para sa pinakahuling ulat at mga impormasyon.

Kung kayo'y may tanong, huwag mag-atubiling kuntakin ako sa paaralan.

Sincerely,

Name
Principal

Cc: Trustee
Superintendent